



## Isinugo ng Diyos na Nagbibigay ng Lakas



*(Pambungad na Panalangin)*

### I. ANG TATLONG PAGBASA

#### UNANG PAGBASA (Ez 2:2-5)

<sup>2</sup>NOONG MGA araw na iyon, nilukuban ako ng Espiritu at itinayo ako upang pakinggan <sup>3</sup>ang isang tinig na nagsasabi: <sup>4</sup>“Tao, **susuguin kita** sa Israel, sa bansang suwail. Pagkat mula sa kanilang ninuno, naghihimagsik na sila sa akin hanggang ngayon. <sup>5</sup>Matigas ang kanilang ulo at walang pitagan. **Kaya puntahan mo sila** at sabihin mong ito ang ipinasasabi ng Panginoong Diyos. Sa makinig sila o sa hindi—pagkat matigas nga ang kanilang ulo—malalaman nilang may isang **propeta sa gitna** nila.”

Tema: **Isinugo ng Diyos ang Isang Propeta**

#### PAGPAPALIWANAG

- Ang sipi ay bahagi sa seksyon, “Ang Tawag ng isang Propeta” (Kabanata 1-3). Si Ezekiel ang tinutukoy dito
- Si Ezekiel ay isang pari ng templo ng Jerusalem at kasama siya sa mga itinapon sa Babilonya.
- Bago pa ang Pagtapon, sinabi na ni Ezekiel na dahil sa kanilang kasalanan wawasakin ang Israel at Juda.
- Gayunpaman, kahit sa Babilonya ay kasama nila ang Diyos at hindi sila iniwan. Ito ay kanyang kinukwento sa kanyang mga

pangitain.

- Kaya dito sa siping ito, ibinabahagi ni Ezekiel ang pagsugo sa kanya bilang Propeta.
- Ang Propeta ay ang tagapagsalita ng mensahe ng Diyos.
- Sa kapanahunan ng Pagtapon, ang isa sa mga napatinding mensahe ni Ezekiel ay ang mga taga Juda na nakinig sa Diyos ay hihiranging mga labi ng Israel at sila ay ibabangon muli at magkakaroon muli ng lupain, Templo at panibagong kasunduan sa Diyos. Matutupad ito matapos ang mga limang dekada.

### PAGNINILAY

Sa harap ng mga taong hindi naniniwala, ang mga propeta ay nagpapatotoo sa isang mapagmahal at makapangyarihang Diyos.

### SALMONG TUGUNAN (Slm 122) MATA NAMI'Y NAKATUON SA AWA NG PANGINOON.

### IKALAWANG PAGBASA (2 Cor 12:7-10)

<sup>7</sup>MGA KAPATID, para hindi ko ipagyabang ang kamangha-manghang pahayag ng Diyos sa akin, ako'y binigyan ng **isang kapansanan sa katawan** na nagsisilbing pamalo ni Satanas upang huwag akong magpalalo. <sup>8</sup>Tatlong beses kong idinalangin sa Panginoon na alisin ito, <sup>9</sup>ngunit ganito ang kanyang sagot, “Ang tulong ko’y sapat sa lahat ng pangangailangan mo; lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay **mahina**.” <sup>10</sup>Kaya’t buong galak na ipagmamapuri ko ang aking **kahinaan** upang palakasin ako ng kapangyarihan ni Kristo. Dahil kay Kristo, walang halaga sa akin kung ako ma’y **mahina, kutyain, pahirapan, usigin, at magtiis**. Sapagkat kung kailan ako **mahina**, saka naman ako malakas.

Tema: **Kapansanan sa Katawan**

### PAGPAPALIWANAG

- Hindi pa matanto, kahit ng mga kasalukuyang dalubhasa sa Bibliya, kung ano talaga itong kapansanan sa katawan ni Pablo.
- Ang iba ay may literal na interpretasyon tulad ng sakit sa katawan; ang iba naman ay matalinghagang pagbasa katulad ng dala-dalang pasakit.
- Kahit sa anong *punto de vista* man natin tingnan, ang mahalaga ay tinitingnan ni Pablo na ang lahat na kanyang kakayahan, kalakasan at kapangyarihan ay nanggagaling sa Diyos kaya malalim, malayo at malawak ang kanyang naaabot sa pagpapapalaganap ng Mabuting Balita.

### PAGNINILAY

Ang kapansanan sa katawan ni Pablo ay nagpapakita ng kanyang kahinaan kaya’t ipinapasas-Diyos niya na lamang ang lahat.

### MABUTING BALITA (Mc 6:1-6)

#### *Tagpuan (Nagturo)*

<sup>1</sup>NOONG panahong iyon, si Hesus ay nagtungo sa sariling bayan, kasama ang kanyang mga alagad. <sup>2</sup>Pagdating ng Araw ng Pamamahinga, nagturo siya sa sinagoga.

#### *Reaksyon*

Nagtaka ang maraming nakarinig sa kanya at nagtanong, <sup>3</sup>“Saan niya nakuha ang lahat ng iyan? Anong karunungan itong ipinagkaloob sa kanya? Paano siya nakagagawa ng mga kababalaghan? Hindi ba ito ang karpinterong anak ni Maria, at kapatid nina Santiago, Jose, Judas, at Simon? Dito nakatira ang kanyang mga kapatid na babae, hindi ba?” At siya’y ayaw nilang kilanlin.

#### *Tugon ni Hesus*

<sup>4</sup>Kaya’t sinabi ni Hesus sa kanila, “Ang propeta ay ginagalang ng lahat, liban lamang ng kanyang mga kababayan, mga kamag-anak, at mga kasambahay.”

#### *Walang Himala*

<sup>5</sup>Hindi siya nakagawa ng anumang

kabalaghan doon, maliban sa pagpapatong ng kanyang kamay sa ilang maysakit upang pagalingin ang mga ito. <sup>6</sup>Nagtaka siya sapagkat hindi sila sumampalataya.

Tema: **Itinakwil ang isang Propeta**

## PAGPAPALIWANAG

- Sa ating Pagbasa makikita natin na ang pagpapamalas ni Hesus sa mga tao bilang propeta sa ibang bayan at sa kanyang sariling bayan napapagitnaan ng kanyang mga gawaing pagtuturo. Pinutol ng ating liturhista ang b.6 kaya hindi natin narinig ang dulo nito: “Naglibot naman si Hesus sa mga nayon sa paligid sa kanyang pagtuturo”
- Ibig sabihin ay nagtuturo din ang mga propeta. Ano ang kanilang itinuturo? Ang mensahe ng Diyos sa kasalukuyang panahon. Paano nila haharapin ang araw-araw na pamumuhay na ayon kay Hesus ay kaganapan ng “kaharain ng Diyos” sa ating panahon.
- Ang isa sa pangunahing turo ni Hesus ay: “Narito na ang Kaharian ng Diyos!”
- Ngunit hindi sila makapaniwala sa mensahe at higit lalo na sa mga ginawang himala ni Hesus upang patunayan na ang Diyos ay nakipamuhay sa atin ngayon.
- Nakapako ang pananaw ng kanyang mga kababayan sa kaalamang mayroon sila tungkol kay Hesus at sa kanyang pamilya. Hindi sila naging bukas sa gawain ng Diyos sa katauhan, sa mga gawain at mensahe ni Hesus. Para sa kanila, karpintero lamang si Hesus.
- Kaya nasabi ni Hesus sa b. 4, “Ang propeta...”

## PAGNINILAY

Kung si Hesus ay nakipamuhay lamang sa kanyang katutubong bayan dahil lang kilala niya ang lugar at ang mga tao, mabibigo

Siya. Ngunit buo ang kanyang kalooban sa pagtitiwala sa Diyos kaya nagkaroon siya ng lakas at buhay.

## II. PAG-UUGNAY

Sa Unang Pagbasa ay isinasaad ang kabuluhan ng isang propeta: upang matanto ng mga tao ang kanilang pagkakamali at makinig muli sa mensahe ng Diyos.

Sa Ikalawang Pagbasa, ipinapakita na ang Diyos ay bukal ng ating kapangyarihan at lakas at ang kapansanan sa katawan ni Pablo ang konkretong tanda na nagpapahihiwatig ng kanyang kababaang loob upang mapalaganap ang Mabuting Balita ng Panginoon.

Sa Ebanghelyo, nakita natin na kahit si Hesus, na siyang tanda ng pag-ibig ng Diyos sa ating panahon ay itinakwil bilang propeta. Patunay itong hindi madali ang pagiging instrumento ng pagpapalaganap ng mensahe ng Diyos.








## III. SALAMIN NG BUHAY

Si Hesus ay hindi napanghinaan ng loob sa mga tsismis, balakid at pagkalaban sa kanyang mga gawain para sa bayan. May naranasan ka rin bang ganitong sitwasyon na pakiwari mo’y ikaw ay sinusubukan? Paano mo nalampasan ito?

- *Pagpapaliwanag: Br. Hansel B. Mapayo, SSP*

(Pangwakas na Panalangin)

*Mga Bagong Libro ng ST PAULS...*



**PAMBUNGAD NA PANALANGIN**

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.*

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130

**PANGWAKAS NA PANALANGIN**

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)